# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# 1200 Spiritual Warfare ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 4, 2021

### SW1206. Mga Gabay sa Pakikibakang Espiritual

1) *Huwag mag-aksaya ng panahon sa exorcism*. Maraming mga pastor sa ating panahon ay naglalaan ng maraming oras para pag-aralan ang pagpapalayas ng demonyo sa katawan ng tao. Pati ang kanilang prayer life ay halos pinamumuhay sa pagpapalayas ng diablo, o di kaya naman ay pag-cast-out ng demonyo ng droga, demonyo ng sigarilyo, demonyo ng alak, at demonyo ng kung ano-ano pang mga kababalaghan tulad ng capre, duwende, tikbalang, manananggal, nuno sa punso, etc, etc. Ang napapansin ko ay ito: ang mga pastor na mahilig sa pagca-cast-out ng diablo ay mahina sa theology. Hinahanap nila ang pagpapatunay na sila nga ay alagad ni Cristo at tinawag na pastor sa relmo ng espiritual – sa exorcism, paggawa ng milagro, pagpapagaling ng may sakit, sa pagpapatumba ng tao habang nananalangin. Dito sa ganitong bagay nila nakakamtan ang kanilang authentication o validation na sila nga ay Spirit-filled at hindi sa kanilang karunungan sa salita ng Diyos at sa kanilang obedience. Ginagamit nila ang *Mark 16:15-18* na Scripture passage para supportahan ang kanilang practice. Ang sabi ni Cristo sa Kanyang mga alagad noon ay ganito: *Humayo kayo sa lahat ng sulok ng mundo at ipamalita ang mabuting balita sa lahat ng nilalang. Ang sinumang manalig at mabautismuhan ay maliligtas, subalit ang sinumang hindi mananalig ay huhusgahan. At ito ang mga palatandaan na sasama sa mga mananampalataya: sa Aking pangalan sila ay makapagpapalayas ng demonyo, magsasalita ng bagong wika, dadampot sila ng ahas, hindi sila maaapektuhan kapag nakainum sila ng lason, ipapatong nila ang kanilang kamay sa may sakit at sila ay gagaling*. Ok sa kanila ang mga palatandaang ito, maliban lang sa pagdampot ng ahas at pag-inom ng lason. Ayaw nilang gawin iyon.

Kung wisdom ang pag-uusapan natin, hindi mahirap desisyunan ang bagay na ito. Alam naman natin na sa takbo ng ating buhay, ilang beses ba tayo makakasaksi ng demon-possession tulad ng nangyari sa mga kuwento sa Gospels? Marami sa atin ang mamamatay na hindi man lamang makasasaksi ng kababalaghang ito, subalit napakaraming oras ang inaaksaya sa pag-aaral, pagkikipag-kuwentuhan, pakikinig ng lecture, pagbabasa ng libro tungkol sa bagay na ito.

Huwag na lang. Ipaubaya na natin sa mga Paring Catolico ang exorcism. Tutal mayroon na silang sistema para sa gawaing ito. Kapag ipananalangin natin ang maysakit, sundin na lang natin ang gabay sa *James 5:14-15*. Huwag na nating igapos si Satanas, nakagapos na yun.

2) *Mag-ingat sa mga ginagawang panliligaw ng diablo.* Naglalagay ng patibong sa ating harapan ang diablo habang tayo ay naglalakbay patungo sa lungsod ng Diyos. Siya ay gumagawa ng mga panlilinlang o panlalansi upang iligaw tayo ng landas. Sinasabi sa 1 Timothy 4:1 na sa mga huling araw, marami ang magtatakwil ng kanilang pananampalataya at susunod sa mga mapanlinlang na espiritu at marami ang maniniwala sa mga doctrina ng demonyo. Ang mga doctrinang ito ay dumarating sa pamamagitan ng kasinungalingan ng mga experto sa iba't ibang uri ng siyensiya o relihiyon. Huwag nating kalimutan na ang tunay na spiritual warfare ay the battle for the hearts and minds of our people.

3) *Mag-ingat sa pagtatalo upang tayong mga Cristiano ay hindi maghiwa-hiwalay ng landas.* Ayon sa James 4:1 mapag-aalaman natin na nangyayari ang labanan at alitan ng mga Cristiano. Ipinaliliwanag ni James na ang kanya-kanyang pagnanasa ng ating mga puso ang pinagmumulan ng away. Kapag may mga espiritual at may makamundong mga mananampalataya ang nagsama-sama sa isang iglesya, tiyak na magkakaroon ng friction o banggaan. Marami ang gustong manguna subalit ilan lamang ang qualified na mag-provide ng effective leadership sa ating mga iglesya ngayon. Ingatan na hindi mahati ang congregasyon. Subalit kung hindi ito maiiwasan, maging matalino sa pagpili ng leader na susundin. Pagmasdan ang bunga ng buhay ng taong ibig manguna. Siya ba ay makadiyos o makamundo? Masipag ba siya o puro utos ang ginagawa? Tapat ba siya o paminsan-minsan lamang sumusulpot sa iglesya. Siya ba ay subok na o hindi pa? Kung hindi maiiwasan ang split, siguraduhin na may pintuan na iiwang bukas para sa posibleng pagkakasundo sa darating na mga bukas.

4) *Mag-ingat na hindi tayo manlugmok dahil sa bisyo.* Ang isang malakas na makapanghina ng Cristiano ay bisyo. Maraming uri ang bisyo: alak, sex, shabu, o kaya naman ay pornography. Ang mga ito ay pinapalagay na tunay na masamang bisyo at siguradong nakapanlulugmok sa isang mananampalataya sa punto na hindi na siya nagiging kapaki-pakinabang sa gawain ng Diyos. Subalit may bisyo na hindi halatang masama. Ito ay ang panonood ng telebisyon. Ugali na ng maraming Cristiano ang manood ng telenobela o game shows sa TV. Kapag nag-devotion na ng limang minuto, kontento na siya at feeling spiritual na. Hindi bale na hindi maglingkod sa iglesya. Konting posting lang ng Bible verses sa Facebook, ayos na siya. Sa palagay niya ay kalugod-lugod na siya sa harapan ng Diyos. Ang mga Cristianong nabubuhay nang ganito ay nalinlang na ng diablo na ayos na ang kanilang Christian life. Hintay na lang sila ng blessing.

5) *Mag-ingat na hindi mawalan ng tiwala sa Diyos*. Iniluklok ng Panginoong Diyos si Joshua na kapalit ni Moses bilang leader ng mga Israelita. Bago pasukin ng mga Israelita ang Lupang Pangako, ang tagubilin kay Joshua ng Diyos ay ito: *Walang makatatalo sa iyo sa buong buhay mo. Gaya nang Ako ay nasa tabi ni Moses, gayon din Ako sa iyo. Hinding-hindi kita iiwan o pababayaan. Magpakalakas ka at magpakatapang sapagkat pangungunahan mo ang bayan ng Israel.*

Ito naman ang bilin ni Cristo sa Kanyang mga disipulo: *Kapayapaan Ko ang iiwan Ko sa inyo; kapayapaan na hindi tulad ng kapayapaang binibigay ng mundo. Huwag kayong mabahala at kuwag kayong matakot*. Ang paalala naman ni Apostol John sa atin ay ito: *Mas malakas ang nasasa inyo kaysa nasasa mundo.*

Alam ng Panginoon na tayong mga alagad Niya ay matatakutin. Kaya naman paulit-ulit tayong pinaaalalahanan ng pangako na ang presensiya ng Diyos ay nasasa atin at hindi Niya tayo iiwan o pababayaan magpakailan man. Subalit para sa marami sa atin parang hindi sapat ang pangako. Kailangan na makitaan muna ng pruweba; kailangan na magkaroon muna ng kasiguruhan ang Cristiano bago sumunod kay Cristo.

Sa ating panahon ngayon, malaki ang takot ng pangkaraniwang Cristiano na magkasakit sapagkat napakamahal ng gamot at lalong-lalo na ang maospital. Kaya kung wala din lamang health insurance plan na maibibigay ang isang ministry, hindi na lang. Kailangan na medyo comparable naman ang love gift sa suwelduhan sa mundo. Hindi pa nauunawaan ng ganitong mga mananampalataya ang ibig sabihin ng sinabi ni Cristo sa Matthew 10:39, *Kung sino man ang makakakita ng kanyang buhay ay mawawalan nito, at kung sino man ang nawalan ng buhay dahil sa Akin ay makakakita nito*. (Joshua 1:1-9; John 14:7; 1 John 4:4; Matthew 28:16-20; Ephesians 4:25-28; 2 Timothy:22-26; James 4:7; 1 Peter 5:8)

6) *Huwag bigyan ng matitindigan si Satanas sa ating buhay.* Sa Ephesians 4:25-28 binabalaan tayo na huwag nating pababayaang magkaroon ng matitindigan ang diablo sa ating buhay. Ibig sabihin lang na hindi natin dapat pinatatagal ang kasalanan sa ating puso. Kinakailangang mag-confess lagi-lagi tayo. Ito ang dapat nating gawin -- sundin ang 1 John 1:9 at angkinin ang pangakong taglay nito.

7) *Maging mapagpigil sa sarili at alerto.* Ang tagubilin sa atin sa 2 Timothy 2:22, James 4:7 at 1 Peter 5:8 ay ganito: Dapat tayong mag-exercise ng self-control. Iwasan natin ang mga masasamang pagnanasa upang mapaglabanan natin ang diablo. Maging alerto tayo sa lahat ng sandali sapagkat ang diablo ay nag-hihintay lamang ng pagkakataon na masilo tayo sa pagkakasala, tulad nang pag-iwas sa mga walang kuwentang argumento na nagtutulak sa atin upang magkaroon ng samaan ng loob at dibisyon.

8) *Subukan ang espiritu ng taong kakasamahin sa gawain*. Kaya ni Satanas na magpanggap bilang isang anghel ng liwanag (2 Corinthians 11:14). Marami tayong naririnig na nagsasabi ng "Praise the Lord." At kadalasan ay napapapaniwala tayo na sila nga ay mula sa Panginoon. Kaya pinaaalalahanan tayo sa 1 John 4:1 na subukan natin ang bawat espiritu upang malaman natin kung ito'y mula sa Diyos sapagkat maraming bulaang propeta ang nagkalat sa mundo. Madali rin tayong madala ng mga banyagang misyonario dahil sa magandang pananalita o magandang pangako ng love gifts ngunit mali naman pala ang mga katuruan at pamamaraan na pinakakalat nila sa atin. Ang babala naman sa atin sa 2 Peter 2:1 at Colossians 2:8 ay ganito: Maraming bulaang tagapagturo na palihim na nagtuturo ng mga maling doctrina. Kaya binabalaan tayo na huwag mabighani sa mga mababaw at maling pilosopiya na nakasandal sa tradition at prinsipyo ng mga tao at hindi nagmumula sa turo ni Cristo.

9) *Ingatan kung ano ang pumapasok sa ating puso't isipan.* Sinasabi sa Proverbs 4:23 na bantayan natin ang ating puso sapagkat dito manggagaling kung ano ang ating isasapamuhay. Sa 1 John 2:15 sinasabi na *huwag nating mahalin ang mundo o anumang nasa mundo. Sapagkat ang lahat ng nasa mundo—ang pita ng laman, ang pagnanasa ng mata at ang kayabangan ay galing sa mundo at hindi sa Ama*.

Napakaraming impormasyon ang nasasagap ng tao sa ating panahon. Dahil sa internet napakadali ang kumuha ng kung ano-anong impormasyon patungkol sa napakaraming paksa. Kahit ang pag-aaral ng Bibliya ay maaaring pumunta lamang sa iba't ibang websites na nagbibigay ng napakaraming comentaryo tungkol sa maraming topics. Mag-ingat sa mga kasinungalingang taglay ng maraming impormasyon na nagmumula sa apat na sulok ng mundo na makakamtan ng libre sa pamamagitan ng internet.

Ang telebisyon at hollywood movies ay ginagamit din ng lubos ng diablo upang itulak ang napakaraming anti-Cristong pilosopiya at mga producto na hindi mabuti sa katawan o isipan ng tao. Ang telebisyon ay ginagamit ni Satanas na pang brainwash. Kaya kuwidaw sa panonood, lalong-lalo na ang mga kabataan.

10) Ing*atan din kung ano ang lalabas mula sa ating puso't isipan.* Sinasabi sa Romans 13:14 at 1 Corinthians 2:16 na isuot natin ang isip ni Cristo. Ang tukso ay nagmumula sa pita ng laman na inuukilkil ng diablo. Kasama rito ang pagnanais ng kapangyarihan, katanyagan, at kayamanan. Sa punto ng tukso nagsisimula ang panloob na labanang espiritual (James 1:13-14). Huwag nating kalimutan na hindi tayo pababayaan ng Diyos na matukso nang higit pa sa ating mapaglalabanan at maiiwasan (1 Corinthians 10:13).

Sa Philippians 4:8 itinuturo sa atin kung ano ang mabuting isipin - - ang totoo, marangal, tama, malinis, maganda, kahanga-hanga, at kapuri-puri. Ang mga ito ang ating nararapat na pinag-iisipan at hindi ang mga pagnanais ng ating laman. Ang sabi sa Galatians 5:16 ay ganito: *kung mamumuhay tayo sa Espiritu hindi natin bubusugin ang pita ng ating laman. Ang Espiritu at ang ating makasalanang kalikasan ay nananatiling magkaaway*.

11) *Mga panghuling tagubilin*. Ang spiritual warfare sa ating panahon ay labanan ng katotohanan at kasinungalingan. Ang katotohanan ay nagbubunga ng mabuting moralidad na nagbubunga ng tamang pamumuhay. Ang kasinungalingan ay nagbubunga ng masamang moralidad na nagbubunga ng maling pamumuhay. Ang spiritual warfare ay hindi labanan para sa kaluluwa ng tao kundi para sa ikaliliwanag ng kanyang puso't isipan.

Ang pakikibaka sa kaaway ay ating masusumpungan sa araw-araw na takbo ng buhay sa larangan ng politica, relihiyon, sosyal, at economiya. Kinakailangan na mahusay tayong makiwari kung ano ang mga sistema ng buhay na ayon sa katotohanan.

Sa espiritual na labanan, kailangan nating maging maalam sa salita ng Diyos sapagkat sinasabi sa Hebrews 4:12 *na ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa. Matalas pa kaysa tabak na may magkabilang talim, ito'y tumatagos at gumuguhit sa espiritu at kaluluwa, sa kasu-kasuan at utak ng buto; ito'y nakapaghuhusga ng isip at binabalak ng puso*.

Ang isang sandata sa ating pakikipaglaban ayon sa 2 Timothy 2:15 ay ang paniniguro na tayo'y *karapat-dapat sa harap ng Panginoon, walang dapat ikahiya at mahusay magsalansan at humawak ng salita ng Diyos*.

Kinakailangan na ang mananampalatayang nakikibaka ay mahusay sa pagbabahagi ng ebanghelyo ng kaligtasan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus. Siya rin ay nabubuhay sa pananalig sa Salita ng Diyos at hindi nagdadalawang isip patungkol sa karunungan at katapatan ng Diyos.

## I. Multiple choice

1. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Ang validation ng isang spirit-filled na Cristiano ay kung siya ay nakakapag-cast-out ng demonyo.
    b. Ang spirit-filled Christian ay nakakapag-perform ng exorcism.
    c. Ang spirit-filled Christian ay maalam sa salita ng Diyos at ito'y naipapamuhay niya.

2. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Sa huling araw, marami ang magtatakwil sa kanilang pananampalataya.
    b. Marami ang susunod sa mga mapanlinlang na Espiritu.
    c. Ang pagpapalayas ng masasamang Espiritu ay dapat paglaanan ng maraming oras at panahon.

3. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang alitan ng mga Cristiano ay nagmumula sa kanya-kanyang pagnanasa ng ating puso.
    b. Ang relasyon ng mga spiritual at makamundong mga Cristiano ay maaaring maging harmonious.
    c. Ang alitan sa loob ng iglesya local ay maaaring mauwi sa pagkahati ng iglesya.

4. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Ang bisyo ay makapagpapahina sa spiritual na kalagayan ng isang mananampalataya.
    b. Natural lamang sa mga Cristiano ang magkaroon ng bisyo upang magkaroon siya ng paglilibangan.
    c. Ang limang minutong devotion sa araw-araw ay sapat na para lumago ang ating spiritual life.

5. Mahalaga ang ating pagtitiwala sa Diyos upang magtagumpay sa ating pang-araw-araw na pakikibakang espiritual.
    a. True
    b. False

6. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Sinabi ni Jesus, kapayapaan ang Kanyang iiwan sa atin; kapayapaan na matatagpuan sa mundo.
    b. Sinabi ni Jesus na hindi tayo dapat mabahala at matakot.
    c. Ang presensya ng Diyos ay laging nasa atin.

7. Sinabi sa James 4:7 na tayo'y magpapasakop sa Diyos. Labanan natin ang Diyablo at siya ay laging nakabuntot sa atin.
    a. True
    b. False

8. Ang sabi sa 1 Peter 5:8 ay Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang asong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa.
    a. True
    b. False

9. Binabalaan tayo ng salita ng Diyos na hindi natin dapat bigyan ng matitindigan ang diablo sa ating buhay.
    a. True
    b. False

10. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Hindi natin dapat pinatatagal ang kasalanan sa ating puso.
    b. Okay lang na mayroon tayong inaalagaang kasalanan sa ating buhay.
    c. Kinakailangang mag-confess lagi ng kasalanan upang walang matindigan si ang diablo sa ating buhay.
    d. None of the above

11. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Si Satanas ay nakakapagpanggap na anghel ng liwanag.
    b. Pinaaalalahanan tayong subukan ang Espiritu ng ating mga kasama sapagkat maraming bulaang propeta.
    c. Maraming bulaang tagapagturo ang nagtuturo ng maling doctrina.
    d. All of the above

12. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Kung ano ang nasa puso natin, iyon ang lumalabas sa ating pamumuhay.
    b. Ang pita ng laman, ang pagnanasa ng mata at ang kayabangan ay galing mundo.
    c. Lahat ng mga impormasyon na nakukuha natin sa internet ay puro katotohanan.
    d. None of the above

13. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Kung mamumuhay tayo sa Espiritu, hindi natin bubusugin ang pita ng laman.
    b. Ang Espiritu at ang ating makasalanang kalikasan ay paminsan-minsan nagkakaaway.
    c. All of the above

14. Minsan-minsan lang tayo makakaranas ng pakikibakang espiritual sa ating buhay.
    a. True
    b. False

15. Alin sa mga sumusunod ang hindi tama?
    a. Ang salita ng Diyos ay matalas pa kaysa tabak na tumatagos at gumuguhit sa Espiritu at kaluluwa.
    b. Siguruhin nating tayo ay karapat-dapat sa harap ng Panginoon na walang dapat ikahiya.
    c. None of the above

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Paano ka nakararanas ng spiritual na pakikibaka sa araw-araw?

© Revised: November 4, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.